

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Patuloy na itinatakda ng Brampton Economic Development Office ang lungsod bilang pangunahing lokasyon para mamuhunan

BRAMPTON, ON (Abril 22, 2022) – Ang Brampton Economic Development Office ay patuloy na nangunguna sa daan sa pagtatatag sa Brampton bilang isang lider ng inobasyon at pangunahing lokasyon sa pamumuhunan, pag-develop sa lokal na talento at pagsuporta sa mga negosyante, at pinapagalaw ang lungsod pasulong habang bumabangon ito mula sa mga epekto ng pandemyang COVID-19.

Nagbabase nitong [Mga Prayoridad ng Termino ng Konseho](#), sa transpormasyonal na mga inisyatiba na kasalukuyang ginagawa at sa pampundasyong relationships staff na patuloy na bumubuo at nagmimintina ay nakakatulong sa paglikha ng kumpletong mga komunidad, nag-unlock sa pang-ekonomiyang potensyal at pinapalakas ang unique na posisyon ng Brampton sa Innovation Corridor.

Kabilang sa mga highlight ang:

Suportahan ang Lokal

- Noong Mayo 2020, [inilunsad ng Lungsod ang kampanya nito na “Suportahan ang Lokal”](#) para hikayatin ang mga residente na mamili, kumain, magregalo at suportahan ang lokal.
- Ang kampanyang Suportahan ang Lokal ay isang mahalagang inisyatiba sa Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya ng Lungsod, isang plano para suportahan ang mga negosyo na naapektuhan ng pandemyang COVID-19 at muling pinasimulan ang ekonomiya ng Lungsod.

Innovation District:

- Nagpapatuloy ang Lungsod ng Brampton sa pagpapasigla at pag-unlock sa potensyal sa ekonomiya ng downtown nito sa pamamagitan ng pagtatayo ng innovation at entrepreneurship ecosystem: ang Innovation District ng Brampton.
- Sa mga kasunduan na nag-uumpisa simula 2019, committed ang Lungsod sa pamumuhunan ng tinatayang \$20.5 milyon sa Innovation District nito, na may karagdagang [\\$55.2 milyon sa pamumuhunan na kinuha ng mga partner ng Innovation District](#).
- Mula 2019 hanggang 2021, anim na bagong partner ang nagtakda ng kanilang presensya sa Innovation District. Ang mga partner sa Innovation District ay kinabibilangan ng Brampton Entrepreneur Centre, BHive Brampton, Ryerson-led Venture Zone, Altitude Accelerator, Founder Institute, Algoma University, at ng Rogers Cybersecure Catalyst Headquarters at Accelerator. Ang Sheridan Edge, ang Brampton Board of Trade and Downtown Brampton BIA ay mahahalaga ring mga partner sa pagtayo sa Innovation District.
- Noong Marso, ang Lungsod ng Brampton ay nanalo ng Economic Developer’s Association of Canada (EDAC) Marketing Canada Award para sa [video sa Innovation District](#) nito.

Downtown Brampton

- Nagpapatuloy ang Lungsod sa paggawa ng mga hakbang para mas pagandahin ang downtown sa [paglulunsad ng 12-buwan na Welcoming Streets Pilot Program](#). Nilalayon ng Program na magbigay ng tinatarget na mga outreach na serbisyo sa kalye sa mga indibidwal sa Downtown Brampton, na tinutugunan ang mga pangangailangan ng lokal na mga residente at mga negosyo at pagtulong sa pagdagdag sa kaligtasan.

- Sa 2022, binuksan ng Lungsod ang Downtown Brampton Projects Centre nito para tulungan ang mga negosyo at residente sa downtown, at para magpatuloy sa paghahatid ng mga programa at inisyatiba para pasiglahin ang downtown.

Brampton Entrepreneur Centre:

- Mula sa pagbubukas ng Brampton Entrepreneur Centre Co-working space sa George Street noong 2019, dedicated ang mga kawani sa pagsuporta sa lokal na mga negosyante na nagbunga sa paglikha ng halos 2000 bagong trabaho.
- Tumugon ang team sa higit sa 44,000 tanong, na sinagawa sa 5,299 na konsultasyon sa maliliit na negosyo, naghatid ng 2,851 seminar at mga event sa 44,193 kalahok, nag-isyu ng pondo sa Summer Company Grant sa 102 Youth na may kabuuang \$306,000, at nag-isyu ng pondo sa Starter Company Grant sa 175 negosyo na may kabuuang \$731,000.
- Sa 2021, nakipagtulungan ang Brampton Entrepreneur Centre sa Emergency Management Office, para magbigay sa maliliit hanggang sa katamtamang laki na negosyo sa Brampton ng libreng COVID-19 rapid screening kits.

Direktang Pamumuhunan ng Dayuhan:

- Bilang bahagi ng estratehiyang aprubado ng Konseho para sa Foreign Direct Investment (FDI), inilunsad ng Brampton Economic Development Office ang branding at marketing para sa mga pagsisikap sa FDI para sa [InvestBrampton](#) at Brampton Means Business Now noong 2019.
- Pinangunahan ni Mayor Brown at ng mga Kasapi ng Konseho ang higit sa 10 pandaigdigang misyon, na nagbunga sa limang bagong negosyo na napunta sa Brampton at limang retensyon na negosyo at mga proyekto ng ekspansyon na tinukoy.
- Inilunsad ng Lungsod ng Brampton ang BHive Brampton, isang malambot na soft landing pad para sa pandaigdigang mga negosyante ng Brampton's Innovation District. Mula sa paglulunsad nito, 38 bagong negosyo ang tinanggap sa BHive.

Retensyon at Pagpapalaki ng Negosyo:

- Ang Brampton Economic Development Office ay tumulong sa mga negosyo na lumikha at panatilihin ang tinatayang 2,500 trabaho mula 2019.
- Ang 2,500 trabaho na nalikha at napanatili ay hindi kinabibilangan ng presensya ng Amazon sa lungsod, na lumaki sa buong pandemyang COVID-19. Kabilang sa footprint ng Amazon ngayon ang anim na pasilidad sa Brampton na nag-i-employo ng halos 8,000 katao.
- Noong Marso, inanunsyo ng Lungsod na [pinili ng MDA ang Brampton bilang lokasyon para sa bagong purpose-built na pandaigdigang headquarters at Centre of Excellence for Space Robotics](#). Ang bagong modernong pasilidad ay magiging tahanan ng 700 highly-skilled na mga empleyado.

Ang mas maraming impormasyon tungkol sa Pag-unlad ng Ekonomiya ng Lungsod ay matatagpuan sa isang presentasyon [dito](#). Basahin ang mas marami pa tungkol sa Brampton Economic Development Office [dito](#).

Mga Quote

“Ang Brampton ay nasa gitna ng kapana-panabik na transpormasyon, at sa buong Termino ng

Konseho, nadebelop natin ang ating lungsod tungo sa isang malaking hub ng inobasyon at edukasyon, lumikha ng skilled na mga trabaho sa hinaharap, at pinanatili ang kilalang pandaigdigang mga kumpanya dito sa ating lungsod at tinulungan ang mga ito na lumaki. Seryoso sa negosyo ang Brampton, at kapag matagumpay ang ating mga negosyo at negosyante, nakikinabang an gating buong komunidad.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Tayo ay higit na sa dalawang taon ngayon tungo sa pandemyang COVID-19, at naapektuhan nang malaki ang ating komunidad ng negosyo – ngunit ang Konseho ng Brampton at ang ating dedicated na Economic Development team ay naroon para sa ating mga lokal na negosyo at mga negosyante sa bawat hakbang. Patuloy nating itinataguyod ang Brampton bilang pangunahing lokasyon para mamuhunan, at sa pokus sa ating Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya, pinapasulong natin ang ating lungsod mula sa mga epekto ng pandemya.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Chair, Economic Development, Lungsod ng Brampton*

“Pinapatibay ang Mga Prayoridad ng Termino ng Konseho, ang isinasagawa na transpormasyonal na mga inisyatiba sa Brampton ay nakakatulong sa paglikha ng kumpletong mga komunidad, ini-unlock ang potensyal sa ekonomiya ng ating lungsod at pinapalakas ang unique na posisyon ng Brampton sa Innovation Corridor. Ang Konseho ng Brampton at ang kawani ay committed sa pagpapatuloy sa pag-unlock ng potensyal sa ekonomiya ng ating lungsod para makapagbigay ng pakinabang sa ating mga estudyante, negosyante, negosyo at sa buong komunidad.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Vice-Chair, Economic Development, Lungsod ng Brampton*

“Ang staff ng Lungsod ng Brampton ay dedicated sa pagbibigay sa Prayoridad ng Termino ng Konseho: Ang Brampton ay isang Lungsod ng mga Oportunidad, at ang pag-unlock sa potensyal sa ekonomiya ng ating komunidad ay gumaganap ng mahalagang papel dito. Ang ating team ay nakagawa ng natatanging trabaho sa pagtatakda sa Brampton bilang pangunahing lokasyon para mamuhunan at pag-develop sa Brampton tungo sa isang hub ng edukasyon at inobasyon, at patuloy na pasusulungin ang ating lungsod sa pamamagitan ng pagbibigay sa ating Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya.”

- *Paul Morrison, Interim Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapoligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

